Australian Government

DISABILITY EMPLOYMENT SERVICES (MGA SERBISYO NG PAGKAEMPLEYO SA MGA MAY KAPANSANAN) **NAIBABAGAY AT PASADYANG TULONG SA PAGKAEMPLEYO**

Ang bago at pinahusay na Disability Employment Services ng Gobyerno ng Australya na naghahalaga ng $1.2 billion ay magbibigay ng lalong mahusay na tulong sa paghahanap trabaho ng mga may kapansanan mula sa unang araw ng Marso 2010.

Ang Disability Employment Services ay magdaragdag ng lalong maraming pakikisali sa pagkaempleyo ng mga naghahanap-trabahong may kapansanan.

Ang mga Disability Employment Services ay isang malaking pagsulong sa mga paglilingkod para sa mga taong may kapansanan, ang kanilang pamilya at tagapag-alaga at mga taga-empleyo. Ang mga naghahanap-trabahong may kapansanan ay magkakaroon ng mga naibabagay na serbisyong madaling magagamit na maisasang-ayon at tumutugon sa mga pangangailangan nila at sa mga taga-empleyo.

Ang bagong Disability Employment Services ay magbibigay sa mga naghahanap trabahong may kapansanan, may pinsala o maysakit pangkalusugan ng daanan tungo sa naibabagay na serbisyo sa pagkaempleyo sang-ayon sa kanilang mga pangangailangan, may lalong matatag na ugnayan sa pagsasanay at pagpapaunlad ng kakayahan, partikular sa mga lugar na may mga kakulangan ng kakayahan.

May dalawang magkahiwalay na programa sa loob ng Disability Employment Services:

- **Ang Disability Management Service** ay para sa mga naghahanap trabahong may kapansanan, may pinsala o may sakit pangkalusugan na nangangailangan ng tulong sa isang Disability Employment Service ngunit hindi nangangailangan ng matagalang suporta sa lugar ng trabaho.
- **Ang Employment Support Service** ay para sa mga naghahanap trabahong may permanenteng kapansanan at natasang may pangangailangan ng lalong pangmatagalan at regular na suporta sa lugar ng trabaho.

Ang bagong Disability Employment Services ay bunga ng isang proseso ng masusing konsultasyon, kasama ang pag-aanyaya ng mga paunang submisyon, isang pinagtalunang pag-uusap na tumutugon sa mga submisyon at dalawang panahon ng pambansang konsultasyon.

Isang lalong mahusay na daan para sa pagkakaempleyo

Pinahahalagaan ng Gobyerno ng Australya ang mga kontribusyon ng mga taong may kapansanan sa lipunang Australyano at naniniwala na ang mga taong may kapansasan ay nagnanasang magtrabaho at kailangang masuportahan sa kanilang ginagawang paghahanap at pagpapatuloy sa na may trabaho.

Ang Disability Employment Services ay luluwagan, upang ang lahat na nararapat na taong may kapansanan ay may madaling magagamit sa kanilang pangangailangan. Hindi magkakaroon ng pila sa paghihintay.

Lahat ng mga karapat-dapat na naghahanap ng trabahong may kapansanan ay makakagamit sa mga naibabagay at napagsasamang mga serbisyo kasama na ang pagpapahusay ng kakayahan, pagsasanay, karanasan sa pagtatrabaho at iba pang mga pamamaraan upang makatulong sa mga kasali na magkaroon at magpatuloy sa nababagay na pagkaempleyo.

Ang mga tagadulot ng Disability Employment Services ay makapaglalaan ng maagang mga pakikipagsosyuhan sa mga paaralan sa pagtulong at iba pang serbisyo upang matiyak na ang tulong sa pagkakaempleyo ay makukuha kaagad kung handa nang sumali ang taong may kapansanan.

Disability ™ Employment Services

Mga katangian ng bagong Disability Employment Services

- Bubuksan ang mga Disability Employment Services para ang mga naghahanap trabahong may kapansanan ay hindi na kinakailangang maghintay pa ng mga serbisyong tumutulong sa kanilang paghahanap at pagpapanatili sa trabaho.
- May dalawang bagong magkakaibang programa ang nakatutok sa mga may kapansanang naghahanap ng trabaho na may kakaibang pangangailangan upang ang proseso ng pagtatasa at pagrerekomenda ay maging hindi gaanong kumplikado.
- Maagang pagbibigay ng tamang tulong, kasama ang mga nakatapos ng pag-aaral upang matiyak ang matagumpay na pagkakapasok sa trabaho.
- Paghihikayat ng lalong malakas na pagtutuon sa kalalabasan ng pagtatrabaho sa pamamagitan ng mga magagandang gantimpala kung ang mga Disability Employment Services ay makahanap ng mga trabaho para sa mga kasali.
- Mga lalong nakakahikayat na insentibo ng Disability Employment Services upang mahikayat ang pagpapaunlad sa kakayahan, edukasyon at pagsasanay.
- Isang paraan ng pagtutustos na naglalayon ng mga mapagkukunan para sa mga pinakamahirap na naghahanap ng trabaho.
- Dinagdagang mga mapagkukunan upang makatulong sa mga naghahanap trabahong may kapansanang nasa mga liblib na lugar.
- Pagsasagawa ng isang Plano ng Daanan sa Pagkaempleyo (Employment Pathway Plan) sa pagitan ng isang Disability Employment Service at isang naghahanap trabaho na siyang nagdedetalye sa mga serbisyong naibabagay upang makatulong sa tao l na makakuha ng trabaho.
- Isang naibabagay pamaraan upang ang mga Disability Employment Services ay makapagbibigay ng halu-halong mga pagtulong na sumasagot sa mga bukasyonal at di-bukasyonal na balakid.
- Lahat ng mga Disability Employment Services ay kinakailangang may pagpapatunay na sumusunod sa mga Disability Services Standards. Para sa karagdagan pang impormasyon puntahan ang **www.jobaccess.gov.au**

Tumutulong sa mga taga-empleyo sa paghahanap ng mga may kakayahang trabahador

Ang bagong Disability Employment Services ay magbibigay ng pabuya sa mga nagdudulot nito dahil sa kanilang pakikipagtulungan sa mga taga-empleyo sa pagbibigay ng mga naghahanap trabaho na makakasagot sa pangangailangan ng lokal na merkado sa paggawa at kakayahan .

Ang Employment Assistance Fund ay nagbibigay sa mga naghahanap-trabaho, taga-empleyo at tagapagdulot ng madaling mapagkukunan upang makatulong sa paghahanap at pagpananatili ng empleyo, katulad ng mga pagpapaabago sa lugar ng trabaho at pagkakaroon ng serbisyo sa pagsasalin- wikang Auslan.

Para sa mga kasali na nangangailangan ng suporta upang mapanatili sa kanilang trabaho, may patuloy na suporta mula sa isang Disability Employment Service hanggang kinakailangan. May tatlong lebel ng patuloy na suporta (naibabagay, moderato at mataas) na makakasagot sa ibat-ibang pangangailangan ng mga trabahador na may kapansanan at kanilang mga taga-empleyo.

Ang naibabagay na patuloy na suporta ay isang bagong bahagi at makapagbibigay ito ng isang pananggalang para sa mga kasaling nakahanap ng trabaho ngunit hinihingan ng di-regular o di-napapaghandaang suporta upang mapanatiling nasa trabaho. Ito ay nagbibigay ng mga lalong mahusay na mapagpipilian para sa mga kasali katulad ang mga may sakit pangkalusugang mental o pagkasumpungin.

Maraming kasali ang maaari ring makalaya sa Disability Employment Services bilang mga nagsasariling trabahador kung sila ay makapasok sa mga gumaganang pagkakaempleyo.

0A10-0066_DESFactsheet_March_10